

Filipino



No. 354 Setyembre 2024

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building - 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪

Seminar para sa boluntaryong translator ng Koshigaya

KAILAN: Oktobre 13, Sabado; 1:00pm - 3:00pm (12:30 magbubukas ang venue)

SAAN: Koshigaya City Hall, Entrance Building 3rd floor (Room 3-1)

MAGKANO: Libre o walang bayad

ANO: Lektura tungkol sa mundo ng pagsasalin; Pagsasanay sa pag-memorya ng detalye ng pinag-uusapan, pagsasalin, pagsusulat ng notes, role-playing, at iba pa

SPEAKER: Naito Minoru-san, Associate Professor, Institute of Global Studies, Tokyo University of Foreign Studies

SINO AT ILAN ANG PWEDENG SUMALI: 40 participants (first-come, first-served basis)

- 1) Mga naka-rehistrong boluntaryong translator o interpreter ng Koshigaya
- 2) Kahit sino na nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa Koshigaya na interesado sa pagsasalin o interpretation

DEADLINE NG APLIKASYON: Oktobre 4.

*Tumawag o di kaya magpa reserba online (electronic application)

MGA DADALHIN: Bolpen o lapis, notebook o papel at diksyunaryo

IMPORMASYON:

Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9114



Aplikasyon
(in Japanese only)

Festival para sa mga bata sa Koshigaya

KAILAN: Oktobre 5, Sabado; 10:00am - 3:00pm

*Mangyaring hindi matuloy ang ibang pwedeng ma-enjoy kung may malakas na ulan.

SAAN: Koshigaya City Hall, Entrance Building at sa palibot nito

MGA PWEDENG MA-ENJOY: Paligsahan sa paggapang para sa maliliit na bata (mag-aplay online kung sasali), soccer corner, cafeteria para sa mga bata (kodomo shokudo), food truck, mga paninda at ibang pang pwedeng ma-enjoy ng lahat

*Tingnan ang detalye at impormasyon sa website.

IMPORMASYON:

Child Policy Promotion Section (KODOMO SHISAKU SUISHIN KA)

☎048-963-9165



Website (in Japanese only)

Koshigaya International Festival 2024

KAILAN: Setyembre 29, Linggo; 10:00am – 4:00pm (Kansela kung malakas ang ulan)

SAAN: Mitakata Iseki Koen (Adres: Laketown 8-2)

Tema: 'Pakikipag kaibigan ng mga taong mula sa ibang bansa at henerasyon at sabay na buuhin ang kinanabukasan'

MGA PWEDENG MA-ENJOY: Food stands, handicrafts, miscellaneous goods ng iba't ibang bansa at mga paninda, pagpapakilala at presentasyon ng iba't ibang bansa, mga presentasyon sa entablado at iba pa.

IMPORMASYON: Koshigaya International Association (KOSHIGAYA KOKUSAI KORYU KYOKAI)

☎048-960-3350

School Entrance Preparation Loan

Sino ang pwedeng mag-loan: Kahit sino na pasok sa lahat na sumusunod.

*May anak na papasok sa high school, university o kolehiyo simula Abril 2025.

*Naka-rehistrong residente ng Koshigaya at nahihirapang maghanda para sa gastos ng enrollment at iba pa (May nakatakdang income limit sa pwedeng makapag aplay)

Magkano ang pwedeng ma-loan o hiram: (*na walang interest o tubo)

1) ¥500,000 (max) kung high school

2) ¥800,000 (max) kung university o kolehiyo

*Kailangan mabayaran ang loan sa loob ng 5 taon (hulugan, 1 - 2 beses sa isang taon) pagkatapos ng graduation

Aplikasyon: 1st batch -- Oktobre 1 - 21 / 2nd batch - Enero 6 - 27, 2025

*Pwedeng mag-aplay kahit hindi pa lumabas ang resulta ng entrance exam.

*Mag-aplay online (electronic application) at isumite ang kailangang dokumento by mail o di kaya direktang isumite sa opisina ang dokumento para sa aplikasyon.

Impormasyon: School General Affairs Section (KYOIKU SUMO KA), ☎048-963-9280
City Hall Building 2 - 3F



Website
(in Japanese only)

Aplikasyon para sa public housing

Saan / Sukat ng bahay	Minimum occupants	BAKANTE
Kawayanagicho Medium-rise Housing, 2K	Mula 2 tao na okupante	2
Shichizacho Medium-rise Housing, 3DK	Mula 3 tao na okupante	1
Nishi Obukuro Medium-rise Housing, 1DK	Mula 1 tao na okupante	1

Aplikasyon: Oktobre 1 - 21

*Ipadala ang aplikasyon by postal mail (kailangan postmark valid).

*Tingnan ang detalye o gabay ng aplikasyon at iba pa sa website ng Koshigaya

Impormasyon:

*Saitama Housing Provision, Municipal Housing Section
(SAITAMAKEN JUTAKU KYOKYU KOSHA SHICHOSON'EI JUTAKU KA)

☎048-829-2873

*Housing and Construction Inspection Section (KENCHIKU JUTAKU KA)

☎048-963-9205



Website
(in Japanese only)

Maging handa para sa flood disaster sa Koshigaya

Ang Koshigaya ay patag na lugar at madalas na napupundo o hindi dumadaloy agad ang tubig tuwing may malakas na ulan. Kailangan handa lagi lalo na sa buwan ng Hunyo hanggang Oktobre, na panahon ng tag-ulan at bagyo.

Mga puntos na dapat tandaan!


- 1) Alamin ang mga dapat gawin at ang tamang oras ng paglikas.
- 2) Isiping mabuti at gumawa ng plano kung ano ang gagawin upang maging ligtas ang paglikas.
- 3) Maghanda ng pagkain, portable toilet at iba pa sa pagtugon ng anumang emergency.

Para karagdagang impormasyon o detalye, tingnan sa Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook:

Japanese Version

(Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook) 



English, Chinese, Vietnamese & Japanese (simplified) Version 



Impormasyon: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)
City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285

~Tomoni Aruko~




Illustrated by Saiinji

Kumusta ka? Ako si Daya, isa sa *Coordinator for International Relations* ng Koshigaya. Lumaki ako sa Pilipinas ngunit matagal ng nakatira sa Japan. Gusto kong ibahagi o pag-usapan ngayon ang isa sa mga kaugalian ng mga Pilipino na natutunan natin nung bata pa tayo. At ito ang tinatawag na PAGMAMANO. Natatandaan at ginagawa mo pa ba ito?

Tuwing ika-3 Lunes ng Setyembre, ipinagdiwang sa Japan ang 'Araw ng Paggalang sa Nakatatanda' na tinatawag nilang KEIRO NO HI. Kadalasan ay nagdadala ng regalo at binibisita ang magulang, lolo at lola, at sabay na kumakin sa araw na ito. Sa Pilipinas, hindi ko matandaan kung may HOLIDAY para sa paggalang ng mga nakakatanda. Ngunit, may tinatawag tayo na ELDERLY FILIPINO WEEK na pinagdiriwang natin ng isang linggo simula Oktobre 1. Ang selebrasyong ito ay upang bigyan ng dangal ang mga nakatatanda at ang kanilang kontribusyon sa bansa. Kaugnay dito, gusto kong pag-usapan ang isa sa kultura ng Pilipino na may koneksyon sa paggalang na tinatawag nating 'Pagmamano'. Ito ay isang kaugalian kung saan kinukuha natin ang kanang kamay ng mas matanda sa atin at inilapat natin ito sa ating mga noo sabay ang pagsabi na 'Mano Po'. At habang ginagawa natin ito, maririnig natin ang mga salita tulad ng 'pagpalain ka nawa', 'God bless you' at iba pa, depende kung saang lugar ka sa Pilipinas. Natatandaan ko na ang kaugalian na ito ay isa sa importante at magandang asal na nagtuturo sa atin ng pag-respeto, pagpapakumbaba, at pagbibigay importansya sa relasyon ng bawat membro ng pamilya at iba pa. Sa kultura ng Pilipino, binibigyan natin ng halaga ang pagiging tapat sa pamilya. Karamihan sa atin ay nakatira kasama ang ating mga magulang, lolo at lola, at iba pa dahil ito ay isang patunay ng pagrespeto at pagbibigay halaga natin sa kanila bilang membro ng pamilya.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Setyembre

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
1	2	3	4 ☆Nihong Circle Walang pasok ang Kosumo Nihongo Salon	5	6 ☆Nihongo de Go!①	7 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
8	9	10	11 ☆Nihong Circle Walang pasok ang Kosumo Nihongo Salon	12	13 ☆Nihongo de Go!②	14 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
15	16	17	18 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	19	20 ☆Nihongo de Go!②	21 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku Walang pasok ang Lingual Koshigaya
22	23	24	25 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	26	27 ☆Nihongo de Go!①	28 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
29	30	10/1	10/2 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	10/3	10/4 ☆Nihongo de Go!①	10/5 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku

Nihongo Circle [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM – 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F Impormasyon: ☎080-5405-9191 (Tanaka-san)	
Kosumo Nihongo Salon ¥100/lesson	Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM – 8:30 PM Saan: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor Impormasyon: ☎090-5347-2041 (Kojima-san)	
Nihongo de Go! [¥100/lesson]	Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 PM – 3:30 PM Saan: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallette) Impormasyon: ☎090-5574-7070 (Takayama-san)	
Lingual Koshigaya (Libre) *Mag-text bago magpunta.	Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 AM – 12:00 noon Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F Impormasyon: ☎080-3478-3314 (Suzuki-san)	
Tabunka Kodomo Gakushu Juku (Libre)	Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F) Impormasyon: ☎090-7422-2002 (Ogawa-san)	
Kosumo Kodomo Kyoshitu & Kosumo Nihongo Salon Sengendai (Libre)	Kailan: Tuwing Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) Saan: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base Impormasyon: ☎090-8310-9522 (class in-charge)	